



KALIGTASAN SA SUNOG SA BAHAY



Norsk
brannvernforening


brannvernforeningen.no

PINAG-UUTOS NA MGA PANIKTIK NG USOK



Ang bawat bahay ay dapat mayroong hindi bababa sa isang paniktik ng usok sa bawat palapag. Nagbibigay ng paunang babala ang mga paniktik ng usok kung mangyaring may sunog. Dapat ay marinig mo ang alarma mula sa loob ng mga kuwarta na sarado ang mga pinto. Ang mga baterya ay kadalasang pinapalitan isang beses kada taon. Regular na subukan ang mga paniktik ng usok sa pamamagitan ng pagpindot sa test button.

PINAG-UUTOS NA PAMATAY NG SUNOG



Ang bawat bahay ay dapat mayroong fire hose o pamatay ng sunog. Inirerekomenda sa iyo ang pagkakaroon ng pareho. Ang pamatay sunog ay dapat madaling makuha o maabot. Dapat alam ng lahat ng nakatira sa bahay kung saan matatagpuan ang mga kagamitan. Basahin nang mabuti ang mga tagubilin.

PAG-IWAS SA SUNOG 1



Bantayan ang panluto habang ginagamit. Kung ikaw ay naabala habang nagluluto, patayin lahat ng may apoy sa kalan. Magkabit ng alarma sa panluto/awtomatikong pampatay. Mag-ingat sa paggamit ng buhay na apoy. Huwag iwanan ang kuwarto na mayroong nakasinding kandila. Ang mga may sinding kandila ay hindi dapat ilagay malapit sa mga nasusunog na bagay. Itapon ang anumang upos o abo sa ligtas na lugar. Huwag itapon ang mainit na abo sa basurahan.

PAG-IWAS SA SUNOG 2



Palaging patayin ang washing machine at tumble dryer kapag aalis ng bahay o matutulog na. Tanging mga kuwalipikadong mga elektrisyan ang pinahihintulatang magkabit at magkumpuni ng mga elektrikal na kagamitan. Mga materyales sa pag-gawa, kahon, at nakatiwangwang na mga gamit ang kadalasang ginagamit sa sadyang pagsisimula ng sunog. Siguraduhing ang mga hagdan at garahe ay malinis sa mga bagay na nasusunog. Itabi ang mga basurahan ng malayo sa mga gusali.

ANO ANG MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG



1) ILIGTAS

Siguraduhing ang lahat ay ligtas na nakalabas. Lubhang mapanganib ang pagtakas na kasalubong ang usok. Isara ang mga pinto. Pumunta sa napagkasunduang pagkikitaan.

2) ABISUHAN

Abisuhan ang bumbero sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng emergency sa 110. Sabihin ang eksaktong kinaroroonan ng nasusunog na gusali.

3) APULAHIN

Kung hindi pa naging masyadong malaki ang apoy, subukang patayin ito gamit ang fire hose o pamatay sunog. Huwag ilagay ang iyong sarili sa panganib o peligro. Lubhang nakakalason ang usok.

Ang iyong pagtatasa sa sitwasyon ang tutukoy kung paano mo susundin ang mga hakbang na ito. Makakatulong kung laging magsasagawa ng regular na mga fire drill, upang masanay ang lahat sa mga dapat gawin kapag may sunog.



Ang pulyetong ito ay makukuha sa mahigit na 30 ibat-ibang wika mula sa website ng Norwegian Fire Protection Association: www.brannvernforeningen.no/branssikker